

# Pag-unawa sa mga Fair Pay Agreement: Isang mabilis na gabay para sa mga tagapag-empleyo

## Ano ang mga Fair Pay Agreement (Kasunduan ng Patas na Sahod)

Pinagsasama-sama ng mga Fair Pay Agreement (FPA) ang mga asosasyon ng tagapag-empleyo at mga unyon sa isang sektor upang makipagkasunduan para sa pinakamababa (minimum) na mga takda ng pagtatrabaho para sa lahat ng nasasaklawang mga empleyado sa isang industriya o trabaho. Ibig sabihin, ang mga kinatawan ng empleyado at tagapag-empleyo ay magmimiting upang talakayin at pagkasunduan ang mga takda ng pagtatrabaho para sa gawaing isinasagawa.

Dapat isali sa Fair Pay Agreement kung sino ang nasasaklawan ng FPA; mga karaniwang oras; minimum na halaga ng sahod, kabilang ang overtime at mga penalty rate; pagsasanay at pag-unlad; gaano karaming leave (bakasyon) ang makukuha ng empleyado; at gaano katagal ilalapat ang FPA.

## Ang proseso ng Fair Pay Agreement



**Pagsisimula:** Nagsisimula ang proseso ng FPA kapag ang isang unyon ay nakakuha ng suporta para sa isang FPA at nagbigay ng impormasyong iyon sa isang aplikasyon sa Ministry of Business, Innovation and Employment (MBIE) (Ministri ng Negosyo, Inobasyon at Pgtatrabaho). Kapag naaprubahan, sisimulang bumuo ng mga panig na makikipagkasunduan.



**Pakikipagkasunduan:** Matatagalan bago magkasundo ang dalawang panig tungkol sa mga takda ng pagtatrabaho kung saan pareho silang masisiyahan.



**Pagboto (tinatawag ding ratipikasyon):** Kapag nagkasundo ang dalawang panig, ang mga marapat na empleyado at tagapag-empleyo ay makakaboto kung sang-ayon sila o hindi sa mga takda ng pagtatrabaho.



**Tatapusin ang Fair Pay Agreement:** Kung sang-ayon ang karamihan sa dalawang panig, tatapusin ang FPA at itatakda bilang batas.

Lahat ng mga tagapag-empleyo, empleyado at ang kanilang mga panig na nakikipagkasunduan ay may iba't ibang tungkulin at responsibilidad sa proseso.

## Sino ang kumakatawan sa kanino sa panahon ng pakikipagkasunduan

- › Ang panig ng tagapag-empleyo na nakikipagkasunduan: Ang mga marapat na asosasyon ng tagapag-empleyo, kabilang ang mga asosasyon ng industriya, ang makikipagkasunduan para sa lahat ng mga tagapag-empleyong saklaw ng panukalang FPA. Kabilang dito ang mga tagapag-empleyo na hindi miyembro ng isang asosasyon ng tagapag-empleyo o industriya.
- › Ang panig ng empleyado na nakikipagkasunduan: Ang marapat na (mga) unyon ang nakikipagkasunduan para sa lahat ng mga empleyado na saklaw ng panukalang FPA. Kabilang dito ang mga empleyadong hindi miyembro ng unyon.
- › Dapat magsikap nang mabuti ang mga panig na nakikipagkasunduan upang kumatawan sa Māori sa proseso ng pakikipagkasunduan. Kabilang dito ang pagkuha at pagsasaalang-alang ng mga komento mula sa mga kinatawan ng mga empleyado/tagapag-empleyo na Māori at kung dapat isangkot sa pakikipagkasunduan ang mga kinatawan ng Māori.

Ang mga tagapag-employong saklaw ng panukalang Fair Pay Agreement ay may mga karapatan at responsibilidad sa buong proseso ng FPA.

### ANG IYONG MGA KARAPATAN BILANG ISANG TAGAPAG-EMPLEYO:

#### PAGSISIMULA: kapag ang isang unyon ay nag-aplay/naaprubahan

- ✓ Kung may isang pampublikong pagsusumite, maaari kang magbigay ng iyong opinyon
- ✓ Dapat kang direktang abisuhan ng unyon kung naaprubahan ang aplikasyon upang simulan ang pakikipagkasunduan sa bagong FPA at dapat kang tumanggap ng impormasyon tungkol sa panukalang FPA para sa iyong mga empleyado
- ✓ Makukuha rin ang impormasyon sa website ng unyon na nagpasimula at nakalista ang pag-apruba sa website ng Ministry of Business, Innovation and Employment.

#### PAKIKIPAGKASUNDUAN: pagkakaroon ng kinatawan ng tagapag-empleyo sa mga miting para sa pakikipagkasunduan

- ✓ Magbibigay sa iyo ang asosasyon ng tagapag-empleyo ng regular na mga update kung ikaw ay saklaw na tagapag-empleyo
- ✓ Dapat kang magkaroon ng pagkakataong magbigay ng komento sa panahon ng proseso ng pakikipagkasunduan
- ✓ Dapat isaalang-alang ang lahat ng uri ng mga interes ng saklaw na mga tagapag-empleyo.

#### PAGBOTO: kapag nagkasundo na ang mga panig na nakipagkasunduan

- ✓ Maaaring bumoto ang mga marapat na tagapag-empleyo tungkol sa mga takda ng FPA.

### ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA MGA EMPLEYADO AY:

#### PAGSISIMULA: kapag ang isang unyon ay nag-aplay/naaprubahan

- ✓ Kapag naabisuhan kang naaprubahan na ang aplikasyon para simulan ang pakikipagkasunduan para sa FPA, kailangan mo itong ipaalam sa lahat ng iba pang unyon kung saan miyembro ang iyong mga saklaw na empleyado
- ✓ Kailangan mong direktang ipasa ang isang pahayag sa mga saklaw na empleyado na ibibigay ng unyon na nagpasimula, na kabilangan ng pangalan ng unyon na nagpasimula at ang pagkontak sa kanila
- ✓ Magbigay ng 'opt out' form (hindi makikilahok) sa mga empleyado, kolektahin ang form, magpanatili ng talaan
- ✓ Magbigay sa unyon na nagpasimula ng mga detalye sa pagkontak ng mga empleyadong hindi nag-'opt out'.

#### PAKIKIPAGKASUNDUAN: may kumakatawan sa mga empleyado sa mga miting para sa pakikipagkasunduan

- ✓ Kailangan mong ipasa sa mga empleyado ang impormasyon mula sa panig ng empleyado na nakikipagkasunduan sa buong proseso ng pakikipagkasunduan
- ✓ Kailangan mong payagan ang iyong mga empleyado na dumalo nang may bayad sa 2 x 2 oras ng mga miting na isinaayos ng panig ng empleyado na nakikipagkasunduan
- ✓ Payagan ang isang kinatawan mula sa panig ng empleyado na nakikipagkasunduan na magkaroon ng access sa lugar ng trabaho
- ✓ Kung gusto ng (mga) empleyado na mag-opt out/opt in sa anumang oras, dapat mong abisuhan ang unyon na nagpasimula ng binagong mga detalye sa pagkontak para sa panig ng empleyado na nakikipagkasunduan.

#### PAGBOTO: kapag nagkasundo na ang mga panig na nakipagkasunduan

- ✓ Maaaring bumoto ang iyong mga marapat na empleyado sa mga takda ng Fair Pay Agreement. Kabilang dito ang mga empleyado na maaaring naunang nag-opt out sa pagtanggap ng impormasyon tungkol sa panukalang FPA.

## Kapag umiiral na ang Fair Pay Agreement

Kapag natapos na ang Fair Pay Agreement at ito ay ginawang batas, ito ay ilalapat sa lahat ng saklaw na mga empleyado at tagapag-empleyo.

Dapat tiyakin ng lahat ng mga tagapag-employong saklaw ng FPA na ang mga kasunduan sa pagtatrabaho ng lahat ng kanilang mga empleyadong nasaklawan ay may mga kaparehong kondisyon o mas mabuti pa kaysa sa FPA.

#### Karagdagang impormasyon:

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga Fair Pay Agreement at iba pang impormasyong kaugnay sa pagtatrabaho, mangyaring bisitahin ang [www.employment.govt.nz/fair-pay-agreements](http://www.employment.govt.nz/fair-pay-agreements)

**Pagtatatwa:** Ang impormasyong ito ay gabay lamang, ito ay hindi legal na maipapatupad at hindi dapat ihalili sa legal na payo o sa mga salitang ginamit sa Fair Pay Agreements Act 2022. Ang MBIE ay hindi tumatanggap ng anumang responsibilidad o pananagutan para sa maling pagkaunawa ng katotohanan, pagkukulang, interpretasyon o opinyon na maaaring naroon, o para sa mga kahihinatnan ng anumang mga desisyon ibinatay sa impormasyong ito.